Mensahe Siyam

# Isang Lupain ng mga Granada

Babasahin sa Kasulatan: Deut. 8:8; Exo. 28:33-34; 1 Hari 7:18-20;
A. A. 4:3b, 13a; 2 Ped. 1:3-8

**I. Sa Biblia ang mga granada ay sumasagisag sa kapuspusan ng buhay, sa kasaganaan at kagandahan ng buhay, at sa kahayagan ng kayamanan ng buhay—Deut. 8:8; Exo. 28:33-34; 1 Hari 7:18-20; A. A. 4:3b, 13a:**

A. Ang isang hinog na granada kasama ang mga binhi nito ay nagbibigay ng impresyon ng kapuspusan ng buhay at ng kasaganaan at kagandahan ng buhay.

B. Kung mararanasan at matatamasa natin si Kristo bilang trigo, sebada, puno ng ubas, at puno ng igos, mapasasaatin ang kasaganaan ng buhay ni Kristo, at ang kagandahan ni Kristo ay magiging tungkol sa atin; ito ang karanasan kay Kristo bilang granada.

C. Kung lalago tayo sa buhay hanggang gumulang, tayo ay magiging mga granada—Col. 2:19; 1:28:

1. Lalo tayong laan na mapamunuan at matakdaan ng Panginoong Hesus dahil sa ating pag-ibig sa Kanya, lalo tayong lalago sa buhay—bb. 13, 28.
2. Kung makikita natin ang pangitain ng pagiging nagpapaloob ng lahat at pagiging malawak ni Kristo, itutuon natin ang ating buong katauhan sa Kristo na ito, at pupuspusin at titigmakan Niya tayo—b. 12; 2:9, 16-17; 3:10-11
   a. Ang ating katauhan ay maookupahan ng malaki, di-malirip na mayaman, malawak na Kristo—Efe. 3:18.
   b. Sa atin ang mabuhay ay ang Kristo na umaangkin sa atin at pumupuspos at nag-ookupa sa atin ng Kanyang sarili—Fil. 1:20-21a; Efe. 3:17a.
3. Ang maging ganap nang lumago kay Kristo ay ang mapuspos, matigmakan, at malaganapan ng Kristo—Col. 1:28:
   a. Ito ay ang maokupahan ang bawat bahagi ng ating katauhan ni Kristo—Efe. 3:17a; Gal. 4:19.
   b. Ito ang paglago sa buhay at ang paggulang sa buhay, ang bunga ng karanasan kay Kristo na inihayag sa Colosas—2:9, 19; 3:4, 10-11.

**II. Ang mga granada at mga kampanilyang ginto ay nasa laylayang bahagi ng balabal ng mataas na saserdote, na sumasagisag sa ekklesia—Exo. 28:33-34:**

A. Ang ekklesia ay dapat maging puspos ng buhay sa kanyang pagkatao; ito ang kahulugan ng mga granadang gawa sa lino.

B. Ang ekklesia ay may pagkatao para sa kahayagan ng kapuspusan ng buhay at gayundin pagkadibino para sa pagpapatunog ng mga kampanilyang ginto:

1. Ang kapuspusan ng buhay ay nahahayag sa pagkatao ng ekklesia, subalit ang tinig ng babala ay nahahayag sa pagkadibino ng ekklesia (ang mga kampanilyang ginto).

2. Mayroon muna tayong kahayagan ng kapuspusan ng buhay at pagkatapos ang pagpapatunog ng mga kampanilyang ginto, yaon ay, ang pagsasalita mula sa pagkadibino ng ekklesia.
3. Ang kagandahan ng buhay na nahayag sa ating pagkatao at ang dibinong pagpapatunog mula sa mga kampanilyang ginto ay mga tanda ng isang wastong buhay-ekklesia.

**III. Ang dalawang daang granada na nakapalibot sa mga kapitel sa tuktok ng mga haligi sa templo ay sumasagisag sa kahayagan ng kayamanan ng buhay—1 Hari 7:18-20; 2 Cron. 3:15-16; Jer. 52:22-23:**

A. Yaong mga hinahatulan ang kanilang sarili (tanso) at itinuturing ang kanilang sarili na walang halaga ay lubusang makapagpapasan ng responsabilidad sa gitna ng halo-halo at komplikadong sitwasyon (mga lambat na nilala at mga tirintas na yaring tanikala) dahil hindi sila nabuhay sa pamamagitan ng kanilang sarili kundi sa pananampalataya sa Diyos (yaring liryo); sa gayon, inihahayag nila ang kayamanan ng buhay nang makadalawandaan (mga granada)—1 Hari 7:15-22.

B. Mula sa bawat sandaang granada, siyamnapu't anim ang nakahantad sa hangin, at apat ang natatakpan—Jer. 52:22-23:
   1. Ang kahayagan ng kayamanan ng buhay ay walang hanggang kumpleto, sa kasariwaan ng pagkabuhay na muli, at sa Espiritu.
   2. Ang katunayan na nakatago ang apat sa bawat sandaang granada ay nagpapahiwatig na dapat makubli ang ating natural na katauhan, ating natural na buhay, at ating sarili.
   3. Kapag naglaho ang ating natural na katauhan, mayroon tayong siyamnapu't anim na granada, ang mayamang kahayagan ng buhay ni Kristo sa realidad ng espiritwal na hangin.

**IV. Ayon sa Awit ng mga Awit, ang mga granada ay may espiritwal na kahulugan sa sumusulong na karanasan ng mapagmahal na pakikipagsalamuha kay Kristo ng indibidwal na mananampalataya—4:3b, 13a; 6:7, 1; 7:12; 8:2b:**

A. "Ang iyong mga pisngi ay gaya ng kalahati ng granada / Sa likod ng iyong talukbong"—4:3b; 6:7.

B. "Ako'y bumaba sa taniman ng mga pili / Upang tingnan ang mga sariwang pananim ng libis / Upang tingnan kung may mga buko na ang puno ng ubas / At kung ang mga puno ng granada ay namumulaklak"—b. 11.

C. "Magtungo tayo nang maaga sa mga ubasan; / Tingnan natin kung may buko na ang puno ng ubas / Kung ang kanyang mga bulaklak ay bumuka na, / At kung ang mga granada ay namumulaklak; / Doo'y ibibigay ko sa iyo ang aking pag-ibig"—7:12.

D. "Aking paiinumin ka ng hinaluang alak / Ng katas ng aking granada"—8:2b.

E. "Ang iyong mga pananim ay halamanan ng mga granada / Na may piling-piling mga bunga"—4:13a:

1. Sa pagtatamasa ni Kristo sa Kanyang mangingibig, siya ay isang nababakurang halamanan na nagpapalago ng lahat ng uri ng halaman na iba-ibang kulay bilang iba-ibang kahayagan ng panloob na buhay at iba't ibang bango bilang mayamang kahayagan ng gumulang na buhay—bb. 13-14.
2. Ito ang nagiging kagandahan ng mangingibig sa Panginoon; ang mangingibig ni Kristo ay mayaman na ngayon sa buhay, nagbubunga ng mga bunga upang magpakain at magpanariwa, nagbibigay ng matatamis na bango, at nagtatanghal ng magagandang kulay para sa katamasahan ni Kristo.

**V. Sa 2 Pedro 1:3-8, mayroon tayong pag-unlad ng mga ekselenteng kagalingan sa pamamagitan ng pagtatamasa sa dibinong kalikasan:**

A. "Ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa buhay at pagkamakadiyos" ay ang iba't ibang aspekto ng dibinong buhay na isinasagisag ng kayamanan ng ani ng mabuting lupain—b. 3:
   1. Ang buhay ay nasa loob, binibigyang-kakayahan tayong mabuhay, at ang pagkamakadiyos ay nasa labas bilang panlabas na kahayagan ng panloob na buhay.
   2. Ang buhay ay ang panloob na enerhiya, ang panloob na kalakasan, upang ibunga ang panlabas na pagkamakadiyos, na humahantong at nagreresulta sa kaluwalhatian.

B. Maituturing na nagpapaloob ng lahat na binhi ng buhay ang pananampalataya, at ang pag-ibig, ang bunga ng lubos na pag-unlad nito—bb. 3, 8.

C. Sa kalaunan, matataglay natin ang ganap na pag-unlad at paglago sa buhay mula sa binhi ng pananampalataya, sa pamamagitan ng mga ugat ng kagalingan at kaalaman, ng punong katawan ng pagpipigil sa sarili, at ng mga sanga ng pagtitiis at pagkamakadiyos, tungo sa pamumulaklak at bunga ng pangkapatirang pag-ibig at pag-ibig—bb. 5-8.

*© 2023 Living Stream Ministry*